## *Ang Departamento ng Nihonggo sa Mababang Paaralan ng Kogai*

1- Panimula

Ang Departamento ng Nihonngo sa Mababang Paaralan ng Kogai ay nagtataguyod upang mapunan ang pangangailangan ng mga dayuhang mag-aaral at mga balik - bayang hapones na pumapasok sa Mababang Paaralan ng Minato-ku, Tokyo.

Ang mga gurong kasapi ay tumutulong sa mga mag-aaral upang matutunan ang salitang hapon at mai-ayos ayon sa pamamalakad ng mga paaralan dito sa Japan.

Ito ay nasa ika-apat na palapag ng paaralan na may malaking silid para sa sarilinan (tutorial at grupong), pag-aaral ng Pambansang Pakikipagpalitan ng mga Aktibidades (International Exchange Activities).

Mayroon din itong mga kagamitanna tulad ng backpacks bag at pangkalusugang uniporme na maaring mapahiram at gamitin.

Ang silid-aklatan nito ay may ibat-ibang libro at video tungkol sa mga bansa na maaring gamitin ng mga mag-aaral

2- Mga Mithiin

☆Nais ng departamentong ito na makapaghikayat ng mga batang:

☆Nalilibang sa pag-aaral.

☆Nakakaunawa sa pagpapahalaga ng ibang wika at pagtanggap sa ibat-ibang lahi at kultura.

3- Paraan ng Instruksyon:

Binibigyan diin ang mga sumusunod:

-Tamang pagbati sa ibat-ibang sitwasyon.

-Tamang pagbigkas.

-Tamang pagbasa at pagsulat ng Hiragana,Katakana at Kanji

-Tamang terminolohiya at pagpapaliwanag ng mga kagamitan sa silid-aralan.

-Tamang pag-ayos ng struktura ng pangungusap para sa pagbabasa at pagsulat.

-Tamang pag-unawa sa mga kagawian ng paaralang Hapon

-Tamang pagsunod sa pangaraw-araw na silid-aralin tulad ng Matematika, Aralin-Panlipunan at Agham.

-Tamang pagbibigay kaalaman sa kapwa mag-aaral ukol sa pagpapakilala o pagbabahagi sa kanilang sariling kultura.

4 -Mga alituntunin sa pagtanggap:

1) Dapat ay nakapasok sa pampulikong mababang paaralan ng Minato-ku.

2) Walang dapat alalahanin sa pagsakay at pamamasahe mula bahay papuntang eskwela.

3) Para sa mga mag-aaral na nakakaranas ng hirap sa pag-unawa sa instruksyong hapon at kagawiang pang-paaralan.

5- Mga kakailanganin sa pagtanggap at pagpasok sa Nihonggo Gakkyuu:

1) Pakiusapan ng magulang ang guro o punong-guro sa pinapasukang eskwelahan ng bata.

2) Kinakailangan humingi ng formal request sa punong-guro sa pinapasukan ng bata na nakadireksyon sa punong-guro ng Mababang Paaralan ng Kogai.

3) Kailangan makapanayam ng punong-guro ang mga magulang at ang bata.

*Maaring manatili ang bata sa loob ng dalawang taon*

6- Talatakdaan

Ang mga batang nakapasok na sa Kogai ay nagpapaalam sa klase para sa espesyal na instruksyon ng departamento ng nihonggo.

Ang taga-labas na estudyante ay maaring manatili ng dalawang oras sa klase at isa o dalawang beses isang linggo na may mahigit na apat na oras sa loob ng isang linggo.

Ang tamang oras ng bata ay ipinapaalam ng magulang sa nakatalagang guro.

| | Mon | Tue | Wed | Thu | Fri |
|---|---|---|---|---|---|
| 1 | Morning hours (8:50〜10：25) Students come directly from home to Kogai and return to the home school. | | | | |
| 2 | | | | | |
| 3 | | | | | |
| 4 | | | | | |
| Lunch | | | | | |
| 5 | Afternoon hours (13：35〜15：10) After lunch, students commute from the home school to Kogai and return directly home. | | | | |
| 6 | | | | | |

7- Kasaysayan

Ang Nihonggo Gakkyuu sa Mababang Paaralan ng Kogai ay nagsimula noong 1988. Ang mga guro noon ay nagtuturo sa mga dayuhang mag-aaral na nahihirapan sa instruksyon sa klase. Pagkaraan ng tatlong taon ay nabuo ang departamento ng Nihonggo na may ganap na guro, di nagtagal ay dumami ang tumangkilik sa mga karatig paaralan ng Minato-ku. Napahintulutang mamasahe ang mga batang mag-aaral patungong Kogai sa taong 1994.

Mula noon ay nakilala ang Kogai sa pagambag kaalaman sa mga dayuhang estudyante at balik-bayang hapones na mag-aaral. Ngayon ay nasa ika-sampung anibersaryo na nitong taong 2000.





8- Transportasyon

7-minutong lakad galing sa Hiroo Stn.Exit 3 ng Hibiya line subway

2-minutong lakad galing sa Nisseki Iryou Center Shita bus stn.
sumakay ng bus #77 Meguro Stn.-Sendagaya
o bus # 97 Shinagawa Shako-Shinjuku Nishi Nishiguchi.

3- minutong lakad galing sa Nishi Azabu bus stop,
sumakay ng # 01 Shibuya Stn.-Shimbashi Stn.at bus # 88 Shibuya Stn. Tokyo Tower.

3- minutong lakad galing sa Aiiku Byouin bus stn. sumakay ng bus # 86 Meguro stn.-Nihonbashi Mitsukoshi.




Walang parking space sa school area kaya mas mainam na mamasahe na lamang

Minato Kuritsu Kogai Elementary School
Tagalog 【タガログ語版】

# Nihongo Gakkyuu




Tokyo Minato-kuritsu Kogai Elementary School
Japanese Department

Nishi Azabu 3-11-16. Minato-ku, Tokyo 106-0031
Japan. ☎03-3408-2356（Department）
☎03-3404-1530（School office）
Fax 03-3408-4079
URL http://www2.rosenet.ne.jp/˜kogai-e/